Eksibit A

Alexian Brothers Health System, d/b/a Ascension Illinois affiliates

PATAKARAN SA PAGSINGIL AT PAGKOLEKTA
June 1, 2023

PATAKARAN/MGA PRINSIPYO

Patakaran ito ng Alexian Brothers Health System, d/b/a Ascension Illinois affiliates (ang "Organisasyon") na tiyakin ang isang makatarungang kasanayan sa lipunan para sa paghahatid ng emerhensiya at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa Organisasyon alinsunod sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong nito (o "FAP"). Partikular na idinisenyo ang Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito upang matugunan ang mga kasanayan sa pagsingil at pagkolekta para sa mga Pasyenteng nangangailangan ng pinansiyal na tulong at makatanggap ng pangangalaga sa Organisasyon.

Lahat ng mga kasanayan sa pagsingil at pagkolekta ay sasalamin sa panata at pagpapahalaga namin sa indibidwal na dignidad ng tao at kabutihan ng lahat, sa aming espesyal na pag-aalala para sa at pagkakaisa sa mga taong namumuhay sa karukhaan at ibang mahihinang tao at sa panata naming pagbibigay ng katarungan at pangangasiwa. Kikilos ang mga empleyado at ahente ng Organisasyon sa paraang sumasalamin sa mga patakaran at pagpapahalaga ng pasilidad na itinataguyod ng Katoliko, kasama ang pakikitungo sa mga Pasyente at mga pamilya nila nang may dignidad, respeto at malasakit.

Nalalapat ang Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito sa lahat ng emerhensiya at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na inihahatid ng Organisasyon, kabilang ang mga serbisyo ng nagtatrabahong doktor at kalusugan sa pag-iisip. Hindi nalalapat ang Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito sa mga pagsasaayos ng pagbabayad para sa pangangalagang hindi "emerhensiya" at iba pang "medikal na kinakailangang pangangalaga" (dahil ang mga terminong iyon ay tinukoy sa Patakaran sa Pinasiyal na Tulong (FAP) ng Organisasyon).

MGA KAHULUGAN

1. Ang "**501(r)**" ay tumutukoy sa Seksiyon 501(r) ng Code ng Rentas Internas at mga regulasyong ipinapahayag dito.

2. Ang "**Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta**" **o** "**Mga Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (Extraordinary Collections Actions, ECA)**" ay nangangahulugang alinman sa sumusunod na mga aktibidad sa pagkolekta na sasailalim sa mga ipinagbabawal sa 501(r):

a. Pagtinda ng utang ng Pasyente sa ibang partido, maliban kung ang mamimili ay sasailalim sa ilang restriksiyon ayon sa nakasalarawan sa ibaba.

b. Pag-ulat ng salungat na impormasyon tungkol sa Pasyente sa mga ahensiya ng pag-ulat ng kredito ng mamimili o mga kawani ng pagpapautang.

c. Pagpapaliban o pagtanggi, o pag-atas ng pagbabayad bago magbigay, medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbayad ng Pasyente ng isa o higit pang mga bayarin para sa naunang ibinigay na pangangalaga na sakop sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP).

d. Mga pagkilos na nangangailangan ng legal o panghukumang proseso, maliban sa mga claim na isinampa sa isang paglilitis sa pagiging bangkarote o personal na pinsala. Kasama sa mga pagkilos na ito ang, pero hindi limitado sa,
   i. paglalagay ng prenda sa pag-aari ng Pasyente,
   ii. pagreremata sa pag-aari ng Pasyente,
   iii. paglalagay ng pagpataw laban sa o kung hindi man ay maglakip o samsamin ang account sa bangko ng Pasyente o ibang personal na pag-aari,
   iv. pagsisimula ng asuntong sibil laban sa Pasyente, at
   v. kalapin ang sahod ng Pasyente.

Hindi kasama sa Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) ang alinman sa sumusunod (kahit na nasasapatan ang pamantayan sa Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) na itinakda sa itaas):

a. ang pagbebenta ng utang ng Pasyente kung, bago ang pagbebenta, ang isang legal na nakasulat na kasunduan ay umiiral sa mamimili ng utang alinsunod sa
   i. ang mamimili ay pinagbabawalang makiugnay sa anumang mga Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) para makuha ang bayad sa pag-aalaga;
   ii. ang mamimili ay pinagbabawalang sumingil ng interes sa utang na labis sa rate na may bisa sa ilalim ng seksyon 6621(a)(2) ng Code ng Rentas Internas sa oras na ibinenta ang utang (o tulad ng iba pang rate ng interes na itinakda ng paunawa o ibang patnubay na inilathala sa Bulletin ng Rentas Internas);
   iii. ang utang ay maibabalik o mare-recall ng Organisasyon sa isang determinasyon ng Organisasyon o ng mamimili na ang Pasyente ay karapat-dapat para sa Pinansiyal na Tulong; at
   iv. ang mamimili ay kailangang sumunod sa mga pamamaraan na tinukoy sa kasunduan na tiyakin na ang Pasyente ay hindi magbabayad, at walang obligasyon na magbayad, ang mamimili at ang Organisasyon nang magkakasama nang higit sa personal siyang responsable sa pagbabayad alinsunod sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) kung ang pasyente ay determinado na maging karapat-dapat para sa Pinansiyal na Tulong at ang utang ay hindi ibabalik sa o ire-recall ng Organisasyon;

b. ang anumang lagak na kabayaran na karapat-dapat matanggap ng Organisasyon para igiit sa bisa ng batas ng estado sa mga nalikom ng isang paghuhusga, kasunduan, o kompromiso na pagkakautang sa isang Pasyente bilang resulta ng mga personal na pinsala na kung saan ang Organisasyon ay nagbigay ng pangangalaga; o

c. ang pagsampa ng claim sa anumang paglilitis sa pagkabangkarote.

3. Ang "**FAP**" ay nangangahulugang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng Organisasyon, na isang patakarang magbibigay ng Pinansiyal na Tulong sa mga kwalipikadong Pasyente sa pagsusulong ng misyon ng Organisasyon at Kalusugan ng Ascension at alinsunod sa 501(r).

4. "**Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP)**" nangangahulugang aplikasyon sa Pinansiyal na Tulong.

5. Ang "**Pinansiyal na Tulong"** ay ang tulong na maaaring ibigay ng Organisasyon sa Pasyente alinsunod sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) ng Organisasyon.

6. Ang ibig sabihin ng "**Organisasyon**" ay Alexian Brothers Health System, d/b/a Ascension Illinois affiliates. Upang humiling ng karagdagang impormasyon, magsumite ng mga katanungan o komento, o magsumite ng apela, maaari kang makipag-ugnay sa opisina na nakalista sa ibaba o bilang nakalista sa anumang nalalapat na paunawa o komunikasyon na iyong natanggap mula sa Organisasyon:

By phone at 833-272-7585 for these facilities:

Alexian Brothers Behavioral Health Hospital
Alexian Brothers Medical Center
St. Alexius Medical Center

For employed medical group practices affiliated with the above facilities, call:
844-930-0461 or 844-930-0463 (cardiology)

By phone at 833-272-7581 for these facilities:

Presence Holy Family Medical Centers
Presence Mercy Medical Center
Presence Resurrection Medical Center
Presence Saint Francis Hospital
Presence Saint Joseph Hospital - Chicago
Presence Saint Joseph Hospital - Elgin
Presence Saint Joseph Medical Center
Presence Saint Mary of Nazareth Hospital
Presence Saint Elizabeth Hospital
Presence St. Mary's Hospital

For employed medical group practices affiliated with the above facilities, call: 833-291-0464

By mail:

Alexian Brothers Health System, d/b/a Ascension Illinois affiliates
PO Box 74008855
Chicago, IL 60674-8855

7. Ang "**Pasyente**" ay nangangahulugang isang indibidwal na tumatanggap ng pangangalaga (o nakatanggap na ng pangangalaga) mula sa Organisasyon at sinumang may pinansiyal na pananagutan para sa naturang pangangalaga (kabilang ang mga miyembro ng pamilya at tagapag- alaga).

MGA KASANAYAN SA PAGSINGIL AT PAGKOLEKTA

Pinananatili ng Organisasyon ang isang maayos na proseso para sa regular na pagpapalabas ng mga pahayag ng sinisingil (billing statement) sa mga Pasyente para sa mga serbisyong ibinigay at sa pakikipag-ugnayan sa Mga Pasyente. Sa kaganapan ng hindi pagbabayad ng Pasyente para sa mga serbisyong inihatid ng Organisasyon, maaaring gumawa ang Organisasyon ng mga aksyon upang makakuha ng bayad, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagtatangka na makipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono, koreo, email, at nang personal. Bihirang gumamit ang Organisasyon ng Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta, o "mga ECA," upang makakuha ng bayad. Gayunpaman, upang matiyak na mananatiling magagamit ang mga mapagkukunan ng Organisasyon at nakadirekta sa mga Pasyenteng iyon na nangangailangan sa ilalim ng

aming patakaran sa pinansiyal na tulong ("FAP"), maaaring gumamit ang Organisasyon ng mga Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) sa matinding mga pangyayari, na kinabibilangan ng may kinalaman sa mga account na may mga hindi nabayarang balanse na nauugnay sa mga elektibong serbisyo na hindi pang-emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga, mga sitwasyon kung saan may malaking mapagkukunan ang isang Pasyente (hal., mataas na neto ng halaga) at tumatangging bayaran ang halagang dapat bayaran, o kung saan naniniwala ang Organisasyon na kumakatawan ang hindi pagbabayad ng isang sinadyang pang-aabuso sa mga tuntunin ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) nito o ang patakarang ito. Sa ilalim ng mga matinding sitwasyong iyon, maaaring gumamit ang Organisasyon ng isa o higit pang Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA), napapailalim sa mga probisyon at paghihigpit na nilalaman ng Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito. Hindi gumagamit ang Organisasyon ng mga Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) para sa mga account na may natitirang balanse dahil sa pag-kwalipikado lamang para sa bahagyang pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) ng Organisasyon o tungkol sa mga co-pay sa mga account na naging kwalipikado para sa buong pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP). May pinal na awtoridad ang Senior na Bise Presidente / Punong Opisyal ng Revenue ng Ascension upang matukoy na gumawa ng mga makatwirang pagsisikap ang Organisasyon upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong at na umiiral ang mga matinding pangyayari sa gayon maaaring makikibahagi ang Organisasyon sa Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) sa isang batayang iba't ibang kalagayan.
Alinsunod sa 501(r), tinutukoy ng Patakaran sa Pagsingil at Pagkolekta na ito ang mga makatwirang pagsisikap na dapat gawin ng Organisasyon upang matukoy kung karapat-dapat ang isang Pasyente sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) nito para sa Pinansiyal na Tulong o na mayroong matinding pangyayari na nagbibigay-katwiran sa pakikibahagi sa isang Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA). Kapag napagpasyahan na ang isang matinding pangyayari at hindi kwalipikado ang pasyente para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), maaaring magpatuloy ang Organisasyon sa isa o higit pang mga Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA), gaya ng inilarawan dito.

1. Pagpoproseso ng Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP). Maliban sa nakasaad sa ibaba, maaaring magsumite ng Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) ang Pasyente kahit kailan kaugnay ng emerhensiya at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na natanggap mula sa Organisasyon. Ang mga pagpapasya sa pagiging kwalipikado sa Pinansiyal na Tulong ay ipoproseso batay sa mga sumusunod na pangkalahatang kategorya.

a. Punan ang Mga Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP). Sa kaso ng Pasyenteng nagsumite ng napunang Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), agarang sususpindihin ng Organisasyon ang anumang Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) upang makuha ang bayad para sa pangangalaga, tutukuyin ang pagiging kwalipikado, at magbibigay ng nasusulat na abiso, tulad ng nasa ibaba.

b. Mga Pagpapasya sa Ipinapalagay na Pagiging Kwalipikado. Kung ipinagpalagay na maging karapat-dapat ang isang Pasyente para sa mas mababa kaysa sa pinaka-mapagbigay na tulong na makukuha sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), aabisuhan ng Organisasyon ang Pasyente ng batayan para sa pagpapasiya at bibigyan ang Pasyente ng isang makatwirang yugto ng panahon upang mag-aplay para sa higit na mapagbigay na tulong.

c. Abiso at Proseso Kung Saan Walang Isinumiteng Aplikasyon. Maliban na lamang kung ang isang kumpletong Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) ay isinumite o ang pagiging karapat-dapat ay nadetermina sa ilalim ng pinalalagay na pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa FAP, ang Organisasyon ay iiwas na pasimulan ang mga Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) sa loob ng hindi bababa sa 120 araw mula sa petsa ng unang post-discharge na

pahayag sa pagsingil para sa pangangalaga na ipinadala sa Pasyente. Sa kaso ng maraming pangyayari ng pangangalaga, maaaring pagsama-samahin ang mga probisyon ng abiso na ito, kung saan ibinatay ang mga takdang panahon sa pinakahuling pangyayari ng pangangalaga na kabilang sa pagsasama-sama. Bago simulan ang isa (1) o higit pang (mga) Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) upang makakuha ng bayad para sa pangangalaga mula sa isang Pasyente na hindi nagsumite ng Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) at bago ang isang pagpapasiya kung nagbibigay-katwiran ang mga matinding pangyayari sa paggamit ng mga Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA), dapat gawin ng Organisasyon ang mga sumusunod na aksyon:

i. Bigyan ang Pasyente ng nakasulat na abiso na nagsasaad na ang Pinansiyal na Tulong ay magagamit ng mga kwalipikadong Pasyente, tumutukoy sa (mga) Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) na nilalayon na gawin upang makuha ang bayad para sa pangangalaga, at nagsasaad ng isang deadline, pagkatapos noon, ang (mga) naturang Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) ay maaaring simulan
nang hindi mas maaga kaysa sa 30 araw pagkatapos ng petsa kung kailan ibinigay ang nakasulat na abiso;
ii. Bigyan ang Pasyente ng buod ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) sa simpleng wika; at
iii. Gumawa ng makatwirang pagsusumikap na abisuhan gamit ang boses ang Pasyente tungkol sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) at ang proseso ng Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP).

d. Mga Hindi Napunang Mga Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP). Kung sakaling nagsumite ang Pasyente ng di-kompletong Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), aabisuhan ng Organisasyon ang Pasyente sa pamamagitan ng liham tungkol sa kung paano kokompletuhin ang Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) at bibigyan ang Pasyente ng tatlumpung (30) araw sa kalendaryo na kompletuhin ito. Sususpindihin ang anumang nakabinbin na Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) sa panahong ito, at ang nasusulat na abiso ay dapat na (i) ilarawan ang karagdagang impormasyon at/o dokumentasyon na kinakailangan sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) o Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) na kinakailangan upang makumpleto ang aplikasyon, at (ii) isama ang naaangkop na impormasyon sa pakikipag-ugnay.

2. Mga Restriksiyon sa Pagpapaliban ng o Pagtanggi sa Pag-aalaga. Sa isang sitwasyon kung saan ang Organisasyon ay nagnanais na ipagpaliban o tanggihan, o humingi ng bayad bago magbigay ng, medikal na kinakailangang pangangalaga, ayon sa tinukoy sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), dahil sa isang hindi pagbabayad ng Pasyente ng isa o higit pang mga bayarin para sa naunang ibinigay na pangangalaga na sakop sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), ang Pasyente ay bibigyan ng Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) at isang nakasulat na paunawa na nagpapahiwatig na ang Pinansiyal na Tulong ay magagamit ng mga karapat-dapat na pasyente.

3. Abiso sa Determinasyon.

a. Mga Determinasyon. Kapag nakumpleto, ang Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) ay matatanggap sa account ng Pasyente, susuriin ng Organisasyon ang Aplikasyon ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) para malaman ang pagiging nararapat at abisuhan ang Pasyente sa pamamagitan ng sulat ng pinal na determinasyon sa loob ng apatnapu't limang (45) araw ng kalendaryo. Ang abiso ay may kasamang determinasyon sa halaga kung saan pinansiyal na responsable ang Pasyenteng bayaran. Kung ang aplikasyon para sa Patakaran sa Pinansiyal na Tulong

(FAP) ay tinanggihan, may abisong ipadadala na nagpapaliwanag sa dahilan sa pagtanggi at mga tagubilin sa pag-apela o muling konsiderasyon.

b. Mga Refund. Magbibigay ang Organisasyon ng refund sa halaga na binayad ng Pasyente sa pag-aalaga na lagpas sa halaga na natukoy na ang Pasyente ay personal na responsableng bayaran sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), maliban kung ang nasabing sobrang halaga ay mas mababa sa $5.00.

c. Pagbaligtad ng (Mga) Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA). Sa saklaw na nadetermina ang Pasyenteng nararapat sa Pinansiyal na Tuong sa ilalim ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP), gagawin ng Organisasyon lahat ng makatwirang pamamaraan na baligtarin ang anumang ginawang Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) laban sa Pasyente para makakuha ng bayad sa pag-aalaga. Ang mga naturang makatwirang magagamit na mga pamamaraan sa pangkalahatan ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, mga pamamaraan upang iwan ang anumang paghuhusga laban sa Pasyente, iangat ang anumang pagpapataw o lien sa ari-arian ng Pasyente, at alisin mula sa ulat ng kredito ng Pasyente anumang masamang impormasyon na iniulat sa isang ahensiyang nag-uulat sa mamimili o bureau ng kredito.

4. Mga apela. Maaaring i-apela ng Pasyente ang isang pagtanggi sa pagiging karapat-dapat para sa Pinansiyal na Tulong sa pamamagitan ng pagbigay ng karagdagang impormasyon sa Organisasyon sa loob ng labing-apat (14) na araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng abiso ng pagtanggi. Lahat ng apela ay rerepasuhin ng Organisasyon para sa pinal na determinasyon. Kung pagtitibayin ng pinal na pagtutukoy ang naunang pagtanggi ng Pinansiyal na Tulong, magpapadala ng nasusulat na abiso sa Pasyente.

5. Mga Pagkolekta. Sa pagtatapos ng mga pamamaraan sa itaas (kabilang ang mga makatwirang pagsisikap upang matukoy kung karapat-dapat ang isang Pasyente sa ilalim ng kanyang Patakaran sa Pinansiyal na Tulong (FAP) para sa Pinansiyal na Tulong) at sa isang pagpapasiya ng Organisasyon na mayroong matinding mga pangyayari na nagbibigay-katwiran sa paggamit ng Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA), maaaring magpatuloy ang Organisasyon sa Pambihirang Mga Aksyon sa Mga Pagkolekta (ECA) laban sa hindi nakaseguro at mga Pasyenteng kulang ang seguro na may mga delingkwenteng account, gaya ng tinutukoy sa mga pamamaraan ng Organisasyon para sa pagtatatag, pagproseso, at pagsubaybay sa mga singil ng Pasyente at mga plano sa pagbabayad. Alinsunod sa mga paghihigpit na tinukoy rito, maaaring gamitin ng Organisasyon ang isang kagalang-galang na panlabas na ahensiya ng pagkolekta ng masamang utang o iba pang tagapagkaloob ng serbisyo para sa pagproseso ng mga masamang utang na account, at ang mga naturang ahensiya o tagapagkaloob ng serbisyo ay dapat sumunod sa mga probisyon ng 501(r) na naaangkop sa mga ikatlong partido.